Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
Kagawaran ng Edukasyon
(Department of Education)
Rehiyon VIII
DIBISYON NG TACLOBAN CITY
Lungsod ng Tacloban

RELEASED
Date: 8/1/23
Time: 11:58 AM
Signature:

Hulyo 31, 2023

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 442 s. 2023

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

Sa mga: PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG KURIKULUM (CID)
PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATAKBO NG PAMAMAHALA NG MGA PAARALAN (SGOD)
SUPERBISOR NG DISTRITO NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN
PUNONGGURO NG MGA PAARALAN PAMPUBLIKONG ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA

==========

1. Alinsunod sa **Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023 at Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997**, Ang Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, ipinapatupad ng KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 06-02 Serye 2023 na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungan Panlipunan** at naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 at pagtupad sa mga layuning itinakda, hinihimok ang lahat ng kawani ng Dibisyon ng Lungsod ng Tacloban na makiisa sa lahat ng mga gawain ng Buwan ng Wika. Iminumungkahi na gamitin ang wikang Filipino sa sa pakikipagkomunikasyon sa loob ng tanggapan at magsuot ng katutubong kasuotan tuwing Lunes ng umaga bilang pagbibigay pugay sa watawat ng Pilipinas nang maitaas ang kamalayan pangwika at sibiko ng mga kawani ng dibisyon.

5. Hinihingi ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JUDELLA RUIZ-LUMPAS EdD. CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

S.O. # 149 S. 2023